

Umiiral at nakaplanong mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng lahi

Rehistro ng mga Kumpanya

Ang Rehistro ng mga Kumpanya (“ang Rehistro”) ay nagrerehistro ng mga lokal at hindi-Hong Kong na kumpanya at ayon sa batas na pagbabalik at nagbibigay sa publiko ng mga serbisyo at pasilidad para sa pag-inspeksyon at pagkuha ng impormasyon ng kumpanya na nakatago sa Rehistro ng mga Kumpanya. Pinangangasiwaan rin namin ang rehimen ng paglilisensya para sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng tiwala o kumpanya at pinoproseso ang mga aplikasyon/pag-renew ng lisensya para sa mga nagpapahiram ng pera. Ang aming mga serbisyo ay ibinibigay sa mha miyembro ng publiko nang pantay at patas anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Mga Kaugnay na
Serbisyo

- Upang magkaloob ng mga serbisyo para sa pagsasama o pagpaparehistro ng mga lokal o hindi-HongKong na kumpanya, limitadong pakikipagsosyo, limitadong pondo ng pakikipagsosyo, mga kumpanya na may open-ended na pondo, mga kumpanya ng trust at mga rehistradong trustees na korporasyon at upang irehistro ang lahat ng dokumentasyong kinakailangan ng ibat ibang mga Ordinansa na namamahala sa mga kumpanya at iba pang mga entidad.
- Upang mabigyan ang publiko ng mga serbisyo upang maghanap ng impormasyon sa mga kumpanya at iba pang entidad na hawak ng Pagpapatala.
- Upang matiyak ang pagsunod ng mga kumpanya at iba pang entidad at kanilang mga opisyal sa kanilang

mga obligasyon sa ilalim ng mga nauugnay na Ordinansa.

Mga Umiiral na
Hakbang

- Upang pangasiwaan ang rehimen ng paglilisensya para sa tiwala o mga tagapagbigay ng serbisyo ng kumpanya.
- Upang iproseso ang mga aplikasyon/pag-renew ng lisensya para sa mga nagpapahiram ng pera at magpanatili ng isang rehistro ng mga nagpapahiram ng pera para sa inspeksyon ng mga miyembro ng publiko.
- Ang Rehistro ay gumagamit ng wikang Instik at Ingles (parehong nakasulat at berbal) para makipag-ugnayan sa mga miyembro ng publiko at mga opisyal o kinatawan ng mga kumpanya at iba pang entidad.
- Ang Rehistro ay naglalathala ng mga polyeto ng impormasyon, mga sirkular, mga alituntunin at iba pang materyales sa publisidad kabilang ang mga bidyo sa parehong wikang Instik at Ingles.
- Ang nilalaman at materyales ng mga web portal at mga online na plataporma ng Rehistro ay ipinakita sa parehong wikang Instik at Ingles.
- Ang serbisyo ng interpretasyon o pagsasalin ay isasaayos kung ito ay kinakailangan at naaangkop kapag nagbibigay ng serbisyo sa iba't ibang lahi.
- Ang mga miyembro ng staff, lalo na ang mga frontline staff at mga bagong rekrut, ay inayos upang dumalo sa mga kurso sa pagsasanay na may kaugnayan sa pantay na pagkakataon at

pagkakapantay-pantay ng lahi upang mapahusay ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi, pag-unawa sa mga isyu na may kaugnayan sa lahi at kamalayan sa mga espesyal na pangangailangan ng mga bawat isang lahi.

- Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap
- Ang mga hakbang para sa pagtataguyod ng pagkakapantay panay ng lahi ay susuriin paminsan-minsan. Ang impormasyong nakolekta mula sa mga gumagamit Serbisyo ng ibat ibang lahi ay isasaalang-alang sa pagsusuri.
 - Ang mga komento at mungkahi na natanggap mula sa mga miyembro ng publiko, kabilang ang iba pang mga lahi, ay isasaalang-alang at ang mga naaangkop na pagpapahusay ay gagawin.
- Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/Ipatutupad
- Ang Rehistro ay maghahanap ng angkop na summer internship para sa mga mag-aaral na non-ethnic Chinese (NEC) sa ilalim ng Programa sa Internship para sa mga mag-aaral ng NEC na inorganisa ng Civil Service Bureau upang tulunganang mga kabataang NEC na magkaroon ng karanasasa trabaho at palakasin ang kanilang pagiging mapagkumpitensya sa paghahanap ng trabaho.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at ipatutupad na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay Bb. Cindy LEUNG, Pangalawang Tagapamahala ng Rehistro (Serbisyo at Pamamahala ng Kustomer), sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan-

Telepono : 2867 4570
Fax : 2869 6817
Email : crenq@cr.gov.hk
Address ng Koreo : Companies Registry
15/F, High Block, Queensway Government Offices
66 Queensway, Admiralty
Hong Kong

Rehistro ng Kumpanya
Mayo 2023